



ESTADO NG ILLINOIS

Komisyon sa Karapatang Pantao

Mga Pamamaraan sa Paghahain (Na-update noong Disyembre 2022)

Ang Komisyon ay patuloy na naglilingkod sa mga residente ng Estado ng Illinois tulad ng sumusunod:

Ang lahat ng mga dokumento at pleading na kinakailangan ng Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Human Rights Act*] o ng Commission Procedural Rules ay maaaring ihain at ibigay sa pamamagitan ng personal na paghahatid, koreo, fax, o email. Mga Section 5300.30(a), 5300.40(a) ng Commission Procedural Rule.

Paghahain sa pamamagitan ng Email: Ang lahat ng mga dokumentong inihain sa elektronikong paraan ay dapat na nasa PDF format at ipadala sa HRC.News@illinois.gov.

Paghahain sa pamamagitan ng Koreo: Ang isang item na maayos na natanggap sa pamamagitan ng koreo ay ituturing na naihain sa petsang tinukoy sa naaangkop na patunay ng pagpapadala. Ang patunay ng pagpapadala ay gagawin sa pamamagitan ng paghahain sa Komisyon ng isang sertipiko ng abogado, o ng affidavit ng isang tao na hindi abogado, na nagsasaad ng petsa at lugar ng pagpapadala at ang wastong gastos sa pagpapadala ay nabayaran na. Ang sertipiko o affidavit ay dapat ihain sa Komisyon kasabay ng paghahain ng item na tinutukoy nito.

Kung ang sertipiko o affidavit ay hindi kasama ng item na inihahain sa pamamagitan ng koreo, ang isang item na natanggap sa koreo ay ituturing na naitala kapag namarkahan ng koreo, may wastong address, at nai-post para sa paghahatid. Section 5300.40(a) ng Commission Procedural Rule. Ang pagbibigay sa pamamagitan ng koreo ay ituturing na kumpleto apat (4) na araw mula nang ang dokumento ay naipadala, may wastong address, at nai-post para sa paghahatid sa taong pagbibigyan. Section 5300.30(c) ng Commission Procedural Rule.

Mga Katanungan: Mangyaring tumawag sa Komisyon sa (312) 814-6269 o mag-email sa HRC.News@illinois.gov